# Listahan ng mga bawal na pagkain sa mga paaralan sa QC, busisiin - Joy B

Iginiit ng Quezon City Council sa pangunguna ni Vice Mayor Joy Belmonte ang muling pag-aaral sa listahan ng mga ipinagbabawal na pagkain at inumin sa mga paaralan sa lungsod.

Ito ay ginawa ni Belmonte bilang tugon sa hinaing ng mga school principal at mga magtitinda hinggil sa listahan ng mga ipinagbabawal na pagkain sa mga paaralan sa ilalim ng Anti-Junk Food ordinance." "Everybody agrees that the ordinance is fine. Everybody is supporting it. It is the implementing rules and regulations where the list of banned food items is stated that is the problem," pahayag ni Belmonte.

Ang "Anti-Junk Food and Sugary Drinks Ordinance" ay naaprubahan noong June 2017 na layong ipagbawal ang pagbebenta ng mga junk food, sugary drinks, at processed foods sa mga paaralan sa elementarya at HS at sa mga katabing gusali upang mapangalagaan ang kalusugan ng mga kabataang mag-aaral.

Gayunman, nakatanggap si Belmonte ng isang "position paper" mula sa mga school principal ng mga paaralan sa QC at nakasaad dito na hindi sila masaya sa paraan ng pagpapatupad ng naturang ordinansa.

"We consulted a third-party nutritionist who pointed out that some of the food items banned – like yogurt – are healthy and can be allowed, mayroon pang "room for improvement" ang listahan," pahayag ni Belmonte.

Dahil ang IRR ay saklaw ng city health department, isang joint consultative meeting ang isinagawa noong Hulyo 31 upang talakaying muli ang listahan ng mga ipinagbabawal na pagkain kasama ang mga opisyal ng city health department, mga principals, mga magtitinda, parent associations, mga kooperatiba at iba pang mga stakeholder. *(Angie dela Cruz)*